



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-2 REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 24 HULYO 2007, IKA - 1:45 NG HAPON SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG

Mga Dumalo:

Vice Mayor Violeta L. Dimapilis	- Tagapangulo
Konsehal Agustin L. Cusi	
Konsehal Cesar T. Batigos	
Konsehal Jocelyn G. Solabo	
Konsehal Angeles D. Bautista	
Konsehal Hernan C. Erorita	
Konsehal Bernabe S. Mortel	
Konsehal Edren Y. Faderon	
Konsehal Napoleon M. Dimapilis	
Konsehal Larry V. Salazar	- Pangulo, Liga ng Barangay

Hindi Nakadalo:

Konsehal King Philip B. Dimapilis	- Pangulo, Pambayang Pederasyon ng Sangguniang Kabataan
-----------------------------------	--

KAPASYAHAN BLG. 041

Taong 2007

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMIHATI SA MGA NAULILA NI KAGAWAD REYNALDO GADONG LABADOR NG BARANGAY SAN ISIDRO, ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKAT, si Kgg. Reynaldo Gadong Labador ay tunay na simbolo ng isang masipag at matapat na lingkod bayan;

SAPAGKAT, sa kanyang paglilingkod sa loob ng dalawampu't anim na taon simula noong taong 1981 hanggang sa kasalukuyan bilang kagawad ng barangay pinagsikapan niyang matugunan sa abot ng kanyang kakayahan ang mga tungkulin na sa kanya ay iniatang bilang Kagawad ng Sangguniang Barangay San Isidro, Roxas, Silangang Mindoro;

SAPAGKAT, sa pagganap sa kanyang tungkulin ipinamalas niya ang dedikasyon at pagpapahalaga sa mga responsibilidad na sa kanya ay itinalaga upang lubos na mapabuti ang kalagayan ng kanyang mga kabarangay at lokal na pamahalaan na kanyang kinabibilangan;

SAPAGKAT, malaking paghanga at paggalang ang kanyang inani mula sa kanyang mga pinagsisibihan at kasamahan sa Sangguniang Barangay ng San Isidro at kapwa

lingkod bayan dahil sa kanyang ipinamalas na pagmamahal sa tungkulin at sa bayan;

SAPAGKAT, sa panahong inilagi niya sa daigdig, ipinakita niya ang pagsisikap na maging responsableng ama ng pamilya;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro sampu ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ay lubos na nakikiramay at nakikidalamhati sa mga naulila ni Kgg. Reynaldo G. Labador, Kagawad ng Sangguniang Barangay ng San Isidro ng bayang ito.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Konsehal Larry V. Salazar na sinang-ayunan ng lahat –

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa pamilya ng pumanaw na Reynaldo G. Labador, Kagawad ng Sangguniang Barangay ng Barangay San Isidro, Roxas, Silangang Mindoro ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno at kawani ng Pamahalaang Bayan ng bayang ito.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa kanyang maybahay Gng. Mila V. Labador at mga anak lakip ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati.


PINAGTIBAY : 24 Hulyo 2007

PINATUTUNAYANG WASTO:



FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:



VIOLETA L. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:



JACKSON CINCO DY
Punong Bayan